

Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka
20

Ayos ng pangungusap

Panuto: Salungguhitan ang buong paksa o simuno ng bawat pangungusap. Pagkatapos, isulat sa patlang ang titik **K** kung ang ayos ng pangungusap ay *karaniwan* o *tuwid*. Isulat ang mga titik **DK** kung ang ayos ng pangungusap ay *di-karaniwan* o *kabalikan*.

- _____ 1. Ang dating sirang kalsada ay inaspalto na.
- _____ 2. Masama sa katawan ang paninigarilyo.
- _____ 3. Madalas kumain ng kendi at tsokolate si Benny.
- _____ 4. Kami ay pupunta sa opisina ng koreo mamayang hapon.
- _____ 5. Ang barkada ni Ellen ay magmemeryenda sa bahay bukas.
- _____ 6. Si Tito Melchor ang maghahatid sa atin sa istasyon ng bus.
- _____ 7. Nakabihis na at handa nang umalis ang mga anak natin.
- _____ 8. Sina Finn at Jake ay naghahanap ng mga pambihirang karanasan.
- _____ 9. Tumulong sa paglinis ng bakuran sina Juan at Jose.
- _____ 10. Tumagal nang higit sa dalawang oras ang programa.
- _____ 11. Dadalo kami sa pagdiriwang ng kaarawan ni Jessica.
- _____ 12. Tayo ay magbabakasyon sa isang magandang resort sa Batangas.
- _____ 13. May mga alagang aso at pusa ang pinsan ko sa probinsiya.
- _____ 14. Masyadong maasim ang manggang ibinigay sa akin.
- _____ 15. Gaganapin sa bahay ni Ollie ang munting salusalo.
- _____ 16. Si Ate Sheila ay gumigising nang maaga para magluto ng almusal.
- _____ 17. Nakatira ang kaibigan ko sa kabilang subdibisyon.
- _____ 18. Magluluto si Tita Nadia ng masarap na kare-kare.
- _____ 19. Ang mga lumang damit at sapatos ay ibibigay ko sa bunso namin.
- _____ 20. Sila ay sasama sa atin papunta sa Museo Pambata.